# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 44*
# *Mula sa Buhay ni Daniel*

***"1 Minagaling ni Dario na maglagay sa kaharian ng isang daan at dalawang pung satrapa, na doroon sa buong kaharian; 2 At sa kanila'y tatlong pangulo, na si Daniel ay isa; upang ang mga satrapang ito ay mangagbigay-alam sa kanila, at upang ang hari ay huwag magkaroon ng kapanganiban; 3 Nang magkagayo'y ang Daniel na ito ay natangi sa mga pangulo at sa mga satrapa, sapagka't isang marilag na espiritu ay nasa kaniya; at inisip ng hari na ilagay siya sa buong kaharian. 4 Nang magkagayo'y ang mga pangulo at ang mga satrapa ay nagsihanap ng maisusumbong laban kay Daniel, tungkol sa kaharian; nguni't hindi sila nangakasumpong ng anomang kadahilanan, ni kakulangan man, palibhasa'y tapat siya, walang anomang kamalian ni kakulangan nasumpungan sa kaniya. 5 Nang magkagayo'y sinabi ng mga lalaking ito, Hindi tayo mangakakasumpong ng anomang maisusumbong laban sa Daniel na ito, liban sa tayo'y mangakasumpong laban sa kaniya ng tungkol sa kautusan ng kaniyang Dios. 6 Nang magkagayo'y ang mga pangulo at mga satrapang ito ay nagpisan sa hari, at nagsabi ng ganito sa kaniya, Haring Dario, mabuhay ka magpakailan man. 7 Ang lahat ng pangulo ng kaharian, ang mga kinatawan at mga satrapa, ang mga kasangguni at ang mga gobernador, ay nangagsanggunian upang magtatag ng isang palatuntunang hari sa kaharian, at upang maglagda ng isang pasiyang mahigpit, na sinomang humingi ng isang kahilingan sa kanino mang dios o tao sa loob ng tatlong pung araw, liban sa iyo, Oh hari, ihahagis sa yungib ng mga leon. 8 Ngayon, Oh hari, papagtibayin mo ang pasiya, at lagdaan mo ng iyong pangalan ang kasulatan upang huwag mabago ayon sa kautusan ng mga taga Media at mga taga Persia, na hindi nababago. 9 Kaya't ang kasulatan at ang pasiya ay nilagdaan ng pangalan ng haring Dario. 10 At nang maalaman ni Daniel na ang kasulatan ay nalagdaan ng pangalan siya'y pumasok sa kaniyang bahay (ang kaniya ngang mga dungawan ay bukas sa dakong Jerusalem); at siya'y lumuhod ng kaniyang mga tuhod na makaitlo isang araw, at dumalangin, at nagpasalamat sa harap ng kaniyang Dios, gaya ng kaniyang dating ginagawa. 11 Nang magkagayo'y nagpisan ang mga lalaking ito, at nasumpungan si Daniel na sumasamo at dumadaing sa harap ng kaniyang Dios. 12 Nang magkagayo'y lumapit sila, at nagsalita sa harap ng hari ng tungkol sa pasiya ng hari, Hindi ka baga naglagda ng pasiya, na bawa't tao na humingi sa kanino mang dios o tao sa loob ng tatlong pung araw, liban sa iyo, Oh hari, ihahagis sa yungib ng mga leon? Ang hari ay sumagot, at nagsabi, Ang bagay ay tunay, ayon sa kautusan ng mga taga Media at mga taga Persia, na hindi nababago. 13 Nang magkagayo'y nagsisagot sila, at nangagsabi sa harap ng hari, Ang Daniel na yaon na sa mga anak ng nangabihag sa Juda, hindi ka pinakukundanganan, Oh hari, o ang pasiya man na iyong nilagdaan ng pangalan, kundi dumadalangin na makaitlo isang araw. 14Nang marinig nga ng hari ang mga salitang ito namanglaw na mainam, at inilagak ang kaniyang puso kay Daniel, upang iligtas siya; at kaniyang pinagsikapan hanggang sa paglubog ng araw na iligtas siya. 15 Nang magkagayo'y nagpisan ang mga lalaking ito sa hari at nagsabi sa hari, Talastasin mo, Oh hari, na isang kautusan ng mga taga Media, at ng mga taga Persia, na walang pasiya o palatuntunan man na pinagtitibay ng hari na mababago. 16 Nang magkagayo'y nagutos ang hari, at kanilang dinala si Daniel, at inihagis siya sa yungib ng mga leon. Ang hari nga ay nagsalita, at nagsabi kay Daniel, Ang iyong Dios na pinaglilingkuran mong palagi, ay siyang magliligtas sa iyo. 17 At isang bato ay dinala, at inilagay sa bunganga ng yungib; at tinatakan ng hari ng kaniyang singsing na panatak, at ng singsing na panatak ng kaniyang mga mahal na tao; upang walang anomang bagay ay mababago tungkol kay Daniel. 18 Nang magkagayo'y umuwi ang hari sa kaniyang palacio, at nagparaan ng buong gabi na nagaayuno; at wala kahit panugtog ng tugtugin na dinala sa harap niya: at ang kaniyang pagaantok ay nawala. 19 Nang magkagayo'y bumangong maagang maaga ang hari, at naparoon na madali sa yungib ng mga leon. 20 At nang siya'y lumapit sa yungib kay Daniel, siya'y sumigaw ng taghoy na tinig; ang hari ay nagsalita, at nagsabi kay Daniel, Oh Daniel, na lingkod ng buhay na Dios, ang iyo bagang Dios na iyong pinaglilingkurang palagi ay makapagliligtas sa iyo sa mga leon? 21 Sinabi nga ni Daniel sa hari, Oh hari, mabuhay ka magpakailan man. 22 Ang Dios ko'y nagsugo ng kaniyang anghel, at itinikom ang mga bibig ng mga leon, at hindi nila ako sinaktan; palibhasa'y sa harap niya ay nasumpungan akong walang sala; at gayon din sa harap mo, Oh hari, wala akong ginawang kasamaan. 23 Nang magkagayo'y natuwang mainam ang hari, at ipinagutos na kanilang isampa si Daniel mula sa yungib. Sa gayo'y isinampa si Daniel mula sa yungib, at walang anomang sugat nasumpungan sa kaniya, sapagka't siya'y tumiwala sa kaniyang Dios. 24 At ang hari ay nagutos, at kanilang dinala ang mga lalaking yaon na nagsumbong laban kay Daniel, at sila'y inihagis nila sa yungib ng mga leon, sila ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa; at ang leon ay nanaig sa kanila, at pinagwaraywaray ang lahat ng kanilang buto, bago sila dumating sa kalooblooban ng yungib. 25 Nang magkagayo'y sumulat ang haring Dario sa lahat ng mga bayan, bansa, at wika na tumatahan sa buong lupa; Kapayapaa'y managana sa inyo. 26 Ako'y nagpapasiya, na sa lahat ng sakop ng aking kaharian ay magsipanginig at mangatakot ang mga tao sa harap ng Dios ni Daniel; sapagka't siya ang buhay na Dios, at namamalagi magpakailan man, at ang kaniyang kaharian ay hindi magigiba; at ang kaniyang kapangyarihan ay magiging hanggang sa wakas. 27 Siya'y nagliligtas at nagpapalaya, at siya'y gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan sa langit at sa lupa, na siyang nagligtas kay Daniel mula sa kapangyarihan ng mga leon. 28 Gayon guminhawa ang Daniel na ito sa paghahari ni Dario, at sa paghahari ni Ciro na taga Persia." (Daniel 6:1-28 KJV)***

Ang salaysay ni Daniel at sa ginawa ng Dios sa kanya upang iligtas siya mula s mga leon ay isang tanyag na salaysay. Sa palagiang pagbabasa mo nito ay hinahangad mo na kumilos ang Dios sa iyong buhay sa isang paraang malapit sa mga bibig ng mga lion na lumulusob sa iyo. Sa nasa itaas na salay ay itinapon si Daniel sa yungib ng mga lion, ngunit sa pang araw araw na buhay at mga kaganapan ang mga lion ay maaring si Satanas at ang mga demonio na susubukan na lusubin at saktan ka. O ang mga lion ay maaring ang mga tao o mga namumuno na ginagamit ni Satanas na magpataw ng masama laban sa iyo.

Ang Panginoon ang tanging nagligtas kay Daniel mula sa mga bibig ng mga lion, ngunit hindi gagawin iyon ng Panginoon malibang si Daniel ay nasa kung anong inaasahan ng Dios mula sa kanya. Ang mga sumusunod ay ang mga bahaging pinanatili at sinunod ni Daniel sa kanyang buhay na umaakit sa Dios upang sagipin siya at gaya ng mga sumusunod:-

***1. Si Daniel ay taong may pananagutan: "2 At sa kanila'y tatlong pangulo, na si Daniel ay isa; upang ang mga satrapang ito ay mangagbigay-alam sa kanila, at upang ang hari ay huwag magkaroon ng kapanganiban." (Daniel 6:2 KJV)*** Sa kanyang pangangasiwa at mabuting pamamahala hindi niya hinayaang ang hari ay magdusa ng pagkawala. Ang sistema ng pamamahala na ipinatupad upang pamahalaan ang 120 na mga lalawigan ay hindi upang hayaang ang hari na magdusa ng pagkawala. Maging mabuting katiwala sa anumang ipinagkatiwala ng Dios sa iyo. Kailangan mong maging isang taong may pananagutan sa Dios at tao, sa iyon pamilya at sa simbahan ng Dios.

***2. Si Daniel ay may magaling na espiritu: "3 Nang magkagayo'y ang Daniel na ito ay natangi sa mga pangulo at sa mga satrapa, sapagka't isang marilag na espiritu ay nasa kaniya; at inisip ng hari na ilagay siya sa buong kaharian." (Daniel 6:3 KJV)*** Nakilala at pinaunlad niya ang kanyang sarili nang may mga kasanayan at saloobin upang maging kapaki pakinabang siya sa gawaing ipinagkatiwala sa kanya. Nais ng Dios na itatag ang mga kasanayan at pamantayan upang maging epektibo at kapaki pakinabang na tao sa lugar na inilagay ka ng Dios.

***3, Si Daniel ay tunay at tapat na tao: "4 Nang magkagayo'y ang mga pangulo at ang mga satrapa ay nagsihanap ng maisusumbong laban kay Daniel, tungkol sa kaharian; nguni't hindi sila nangakasumpong ng anomang kadahilanan, ni kakulangan man, palibhasa'y tapat siya, walang anomang kamalian ni kakulangan nasumpungan sa kaniya."(Daniel 6:4 KJV)*** Siya ay lubos na tapat sa gawain na ipinagkatiwala sa kanya. Bilang naglilingkod siya sa Dios at hindi sa tao. Maging tapat sa gawaing ipinagkatiwala sa iyo ng Dios.

***4. "4 Nang magkagayo'y ang mga pangulo at ang mga satrapa ay nagsihanap ng maisusumbong laban kay Daniel, tungkol sa kaharian; nguni't hindi sila nangakasumpong ng anomang kadahilanan, ni kakulangan man, palibhasa'y tapat siya, walang anomang kamalian ni kakulangan nasumpungan sa kaniya." (Daniel 6:4 KJV)*** Iyon ay isa pang mabuting pamantayan na nagbibigay sa kanya ng mabuting patotoo. Panatilihin ang iyong gawain nang walang pagkakamali o mali, at talagang mapapanatili mo ang mabuting patotoo sa Dios at sa Kanyang simbahan sa pagiging isang alagad ni Cristo at isang kasapi ng Kanyang simbahan.

***5. Masigasig na sinusunod ni Daniel ang mga utos ng Dios, hanggang sa puntong napilitan siyang usigin ng kanyang mga kaaway upang makuha siya: "5 Nang magkagayo'y sinabi ng mga lalaking ito, Hindi tayo mangakakasumpong ng anomang maisusumbong laban sa Daniel na ito, liban sa tayo'y mangakasumpong laban sa kaniya ng tungkol sa kautusan ng kaniyang Dios."(Daniel 6:5 KJV)*** Sila'y nagplano na maglabas ng isang kautusan na magbabawal kay David na sumamba sa Dios. Batid nila iyon na hindi siya tatalima doon dahil si Daniel ay lubos na dedikado sa pagsunod sa mga utos ng Dios. Ilagay ang Salita ng Dios sa pinaka mataas na antas upang magpasakop at sa anumang mga pangyayari. Hangga't sumusunod ka sa Salita ng Dios, hindi mo kailangang matakot sa mga tao, dahil hindi ka iiwan o pababayaan ng Dios.

***6. Si Daniel ay taong may tapang:*** Siya ay bihag ngunit siya ay matapang at matatag upang hadlagan ang lahat ng mga uri ng pag uusig ***"13 Nang magkagayo'y nagsisagot sila, at nangagsabi sa harap ng hari, Ang Daniel na yaon na sa mga anak ng nangabihag sa Juda, hindi ka pinakukundanganan, Oh hari, o ang pasiya man na iyong nilagdaan ng pangalan, kundi dumadalangin na makaitlo isang araw." (Daniel 6:13 KJV)*** Maging matatag at magpakatapang sapagkat ang Dios ay sumasaiyo hanggat hinahangad mong parangalan Siya.

***7. Si Daniel ay ang taong nagtitiwala sa Dios at hindi sa tao:*** Si Daniel ay hindi pinanatili ang anumang pakikipagkaibigan sa mga hari o nakakataas iniisip na sila ay makakatulong sa kanya kapag siya ay nasa kaguluhan. Nang narinig niya ang tungkol sa kautusan hindi siya nagtungo sa hari, kundi nagpunta siya sa Dios. Huwag makipag kaibigan sa mga tao upang tulungan ka. Hindi nila kaya. Nais man tulungan ng hari si Daniel at palayain siya hindi niya makaya ***"14 Nang marinig nga ng hari ang mga salitang ito namanglaw na mainam, at inilagak ang kaniyang puso kay Daniel, upang iligtas siya; at kaniyang pinagsikapan hanggang sa paglubog ng araw na iligtas siya. 15 Nang magkagayo'y nagpisan ang mga lalaking ito sa hari at nagsabi sa hari, Talastasin mo, Oh hari, na isang kautusan ng mga taga Media, at ng mga taga Persia, na walang pasiya o palatuntunan man na pinagtitibay ng hari na mababago." (Daniel 6:14-15 KJV)*** Gawin ang iyong pagkakaibigan at pakikipag alyansa sa Dios lamang kung sino ang makakatulong sa iyo.

***8. Si Daniel ay isang taong matatag, nang narinig niya ang mga balita hindi siya nasindak sa sa sitwasyon: "10 At nang maalaman ni Daniel na ang kasulatan ay nalagdaan ng pangalan siya'y pumasok sa kaniyang bahay (ang kaniya ngang mga dungawan ay bukas sa dakong Jerusalem); at siya'y lumuhod ng kaniyang mga tuhod na makaitlo isang araw, at dumalangin, at nagpasalamat sa harap ng kaniyang Dios, gaya ng kaniyang dating ginagawa." (Daniel 6:10 KJV)*** Hinarap niya ang buong pangyayari nang mag isa dahil siya ay nagtitiwala sa Dios. Kapag sinanay kang magtiwala sa Dios at lubos na umasa sa Kanya makikita mo ang iyong sarili na kalmado at matatag kapag humarap ka sa mga kaguluhan.

***9. Si Daniel ay isang taong maluhurin at nagpapapasalamat at nanalangin sa Dios: "10 At nang maalaman ni Daniel na ang kasulatan ay nalagdaan ng pangalan siya'y pumasok sa kaniyang bahay (ang kaniya ngang mga dungawan ay bukas sa dakong Jerusalem); at siya'y lumuhod ng kaniyang mga tuhod na makaitlo isang araw, at dumalangin, at nagpasalamat sa harap ng kaniyang Dios, gaya ng kaniyang dating ginagawa." (Daniel 6:10 KJV)*** Iyon ang kanyang gawain at dati niyang ginagawa sa kanyang buhay. Maging isang lalaki o babae na alam kung paanong lumuhod araw araw sa paanan ng Panginoon.

***10. Si Daniel a may malasakit as simbahan:*** Sa talata 1 nang siya'y nanalangin siya'y nanalangin patungo sa Jerusalem. Nais ng Dios na magkaroon ka ng pagtatalaga at may pananagutan patungo sa Kanyang simbahan at sa Kanyang bayan. Ako'y nagpupuri at nagpapasalamat sa Dios para sa marami ng ating mga kapatid na nakatayong matatag tulad ni Daniel. Sila'y kasama natin at sila ngayon

ay nasa iba't ibang dako ng sanglibutan, ngunit pinananatili nila ang kanilang pagiging kasapi at pangako sa simbahan at maraming bilang ng mga ito ay nagtatanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan at patuloy na pinapadala ang kanilang suporta sa simbahan.

***11. Si Daniel ay nagbigay ng malakng patotoo: "11 Nang magkagayo'y nagpisan ang mga lalaking ito, at nasumpungan si Daniel na sumasamo at dumadaing sa harap ng kaniyang Dios." (Daniel 6:11 KJV)*** Nang matagpuan siya ng kanyang mga kaaway na nakaluhod, humihingi siya ng tulong sa Dios at hindi sa tao. Ito ang isa pang punto na matutunan mo mula kay Daniel. Hayaan mong mahamon ang iyong mga kaaway sa iyong pangako sa Dios.

***12. Si Daniel ay nagpatuloy na naglingkod sa Dios: "16 Nang magkagayo'y nagutos ang hari, at kanilang dinala si Daniel, at inihagis siya sa yungib ng mga leon. Ang hari nga ay nagsalita, at nagsabi kay Daniel, Ang iyong Dios na pinaglilingkuran mong palagi, ay siyang magliligtas sa iyo. 20 At nang siya'y lumapit sa yungib kay Daniel, siya'y sumigaw ng taghoy na tinig; ang hari ay nagsalita, at nagsabi kay Daniel, Oh Daniel, na lingkod ng buhay na Dios, ang iyo bagang Dios na iyong pinaglilingkurang palagi ay makapagliligtas sa iyo sa mga leon?" (Daniel 6:16, 20 KJV)*** Patuloy na maging matiyaga sa paglilingkod sa Panginoon at Siya ang magliligtas sa iyo sa lahat ng iyong mga kaguluhan.

***13. Si Daniel ay walang sala sa harap ng Dios: "22 Ang Dios ko'y nagsugo ng kaniyang anghel, at itinikom ang mga bibig ng mga leon, at hindi nila ako sinaktan; palibhasa'y sa harap niya ay nasumpungan akong walang sala; at gayon din sa harap mo, Oh hari, wala akong ginawang kasamaan." (Daniel 6:22 KJV)*** Huwag magkaroon ng masamang hangarin, at huwag magkaroon ng masamang motibo sa paglilingkod sa Dios. Sa mga kaguluhan ililigtas ka ng Dios mula sa iyong mga pagsubok batay sa kalinisan ng iyong mga kamay at sa kalinisan ng iyong puso.

***14. Si Daniel ay walang ginawang masama sa hari: "22 Ang Dios ko'y nagsugo ng kaniyang anghel, at itinikom ang mga bibig ng mga leon, at hindi nila ako sinaktan; palibhasa'y sa harap niya ay nasumpungan akong walang sala; at gayon din sa harap mo, Oh hari, wala akong ginawang kasamaan." (Daniel 6:22 KJV)*** Huwag manakit ng mga tao o gumawa ng masama sa kanila. Maghintay sa Dios upang iligtas ka at palayain ka sa mg kaguluhan.

***15. Si Daniel ay nanampalataya sa Dios: "23 Na magkagayo'y natuwang mainam ang hari, at ipinagutos na kanilang isampa si Daniel mula sa yungib. Sa gayo'y isinampa si Daniel mula sa yungib, at walang anomang sugat nasumpungan sa kaniya, sapagka't siya'y tumiwala sa kaniyang Dios." (Daniel 6:23 KJV)*** Si Daniel ay sumunod nang mainam sa Salita ng Dios at isinagawa ang mga ito sa kanyang buhay dahil tunay siyang naniwala sa Dios. Ipamuhay nang tapat at masigasig ang mga alintuntunin ng Salita ng Dios. Ang iyong pagsunod sa Salita ng Dios ay magdadala ng kaligtasan ng Dios sa iyong buhay mula sa anumang kaguluhan.

***16. Si Daniel ay hindi humiling ng paghihiganti: "24 At ang hari ay nagutos, at kanilang dinala ang mga lalaking yaon na nagsumbong laban kay Daniel, at sila'y inihagis nila sa yungib ng mga leon, sila ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa; at ang leon ay nanaig sa kanila, at pinagwaraywaray ang lahat ng kanilang buto, bago sila dumating sa kalooblooban ng yungib. (Daniel 6:24 KJV)*** Ang hari mismo ang nagparusa sa mga taong nagsabwatan laban sa kanya, Ang kanyang pagtutok ay sa Dios at hindi sa mga tao. Matutong huwag maghiganti at ipamuhay ang alintuntunin ng pagpapatawad sa iyong buhay.

***17. Ipinangaral ni Daniel ang Evangelio sa isang malawak na paraan:*** Ang paraan isinagawa niya sa kanyang buhay, ay nagpakita sa mga taong nakapaligid sa kanya ng tunay na buhay na Diyos at ang KANYANG kaligtasan. ***"25 Nang magkagayo'y sumulat ang haring Dario sa lahat ng mga bayan, bansa, at wika na tumatahan sa buong lupa; Kapayapaa'y managana sa inyo. 26 Ako'y nagpapasiya, na sa lahat ng sakop ng aking kaharian ay magsipanginig at mangatakot ang mga tao sa harap ng Dios ni Daniel; sapagka't siya ang buhay na Dios, at namamalagi magpakailan man, at ang kaniyang kaharian ay hindi magigiba; at ang kaniyang kapangyarihan ay magiging hanggang sa wakas. 27 Siya'y nagliligtas at nagpapalaya, at siya'y gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan sa langit at sa lupa, na siyang nagligtas kay Daniel mula sa kapangyarihan ng mga leon." (Daniel 6:28 KJV)*** Sa ginawa niya, hinikayat niya si Dario na hari na manampalataya sa Dios bilang tanging tunay na Dios. Isagawa ang iyong buhay sa paraang karapat dapat at marangal upang ang mensahe ng Salita ng Dios ay malinaw na lilitaw mula sa iyo patungo sa mga tao sa paligid mo.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Dalangin ko na ang Salitang ito ng Dios ay makakatulong sa iyo na maunawaan ang pagtawag ng Dios sa iyong buhay at kung ano ang nais niya na gawin mo at kung paanong kailangan mong ipamuhay ang iyong buhay kasama ng mga hindi mananampalataya na inilagay sa iyo ng Dios. Ngayon lumapit sa Panginoon at ipangako ang iyong sarili sa Dios upang isagawa an g alintuntunin ng mensaheng ito at Siya ang tanging magliligtas sa iyo mula sa iyong mga pagsubok na nakapaloob ka.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon Ako'y nagpapasalamat sa iyo para sa iyong Salita na ginawang malinaw ang mga bagay sa akin.*

*Ngayon ipagtapat at talikdan ang iyong mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong katamaran, kapabayaaan, masamang pangangasiwa at kawalan ng pananagutan. Ipagtapat ang iyong kamunduhan at ang iyong pagibig sa salapi at materyal na mga bagay. Ipagtapat at talikdan ang iyong masamang halimbawa sa iyong trabaho at masamang patotoo sa ibang taong nakapalibot sa iyo. Ipagtapat at talikdan ang iyong takot sa tao at ang iyong kawalan ng tiwala sa Dios. Ipagtapat ang iyong galit at ang iyong paghihiganti sa mga nagnanais na saktan ka. Ipagtaapt ang iyong kawalang pagbabasa ng Salita ng Dios at kakulangan mong manalangin. Ipagtapat ang*

*iyong kawalan ng pangako sa simbahan ng Dios, at iyong kawalan na maglingkod sa Dios at magdusa para sa Dios. Panginoon ako'y nagsisisi at hinihingi ang iyong kapatawaran para sa sumusunod na mga kasalanan _________________.*

*Panginoon ngayon ay ipinangako ko ang aking buhay na mabuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo gaya ng itinuro ng iyong Salita sa akin sa mensaheng ito. Panginoon palaging paalalahanan mo ako, tulungan mo ako alalayan mo akong managumpay at ibigay ang aking mga kailangan upang patuloy na maglingkod sa iyo. Panginoon bigyan ako ng katapangan, dagdagan ang aking pananampalataya at pagtitiwala ko sa iyo. Panginoon protektahan ako mula sa pag uusig at iligtas ako mula sa sumusunod na kaguluhan at mga tao _______________*

*Panginoon dalangin ko para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nakarinig ng mensahe, gawin nila ang sinasabi ng iyong Salita. Dalangin ko para sa kanila na sila'y lumago at maging ganap at maging mabuting patotoo sa hindi mananampalatayang nakapalibot sa kanila, sa pamumuhay nila at sa dako na pinagtatrabahuhan nila. Panginoon protektahan mo sila at maglaan para sa kanila.*

*Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan at hayaan ang iyong Salitang ito ay magdala ng bunga na nais mo na makita sa buhay ng bawat isa sa amin at sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan naming yumaon, at mag evangelio, gumawa ng bagong mga alagad, magsanay ng bagong mga manggagawa, at magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com